



ANG GAWAIN NG BABAE

Maayos na hinuhulma ng Islam ang katauhan ng isang babae

Ang karunungan ng Allah na siyang makapangyarihan sa lahat, ang nagsasaayos ng ikauunlad ng mundo, na kung saan ang buhay ay patuloy sa pagitan ng babae at lalake. Tulad ng naitala sa banal na kasulatan na nagtatalaga sa parehong kasarian: (Ang mga mananampalataya, na mga kalalakihan at mga kababaihan ay nagtutulungan sa isa't isa, inuutusan nila ang mga tao na gumawa ng kabutihan, at pinagbabawalan nila ang mga tao na lumabag sa Allâh at gumawa ng mga kasalanan, at isinasagawa nila ang pagsa-‘Salâh,’ nagbibigay sila ng ‘Zakâh’ (obligadong kawanggawa), sinusunod nila ang Allâh at Kanyang Sugo, sila ang tiyak na pagkakalooban ng Allâh. Katiyakan, ang Allâh ay ‘Azeez’ – Kataas-Taasan at Punung-Puno ng Karangalan na Ganap na Makapangyarihan sa Kanyang Kaharian, na ‘Hakeem’ – Ganap na Maalam sa Kanyang Panukala at mga Batas.) – Tawba:71

Maayos na hinuhulma ng Islam ang katauhan ng isang babae, binibigyan ng liwanag ang kanyang puso't isipan, nang sa gayo'y maging mabuting halimbawa sa mga kababaihang kilala sa lipunan. Mula ng sumibol ang islam, dinala na ng mga kababaihan, sa maayos na paraan ang responsibilidad na panlipunan kasama ang mga kalalakihan. Matatagpuan sa bawat larangan, na kung saan sila'y sumali sa pag-aaral at dumalo sa aralin kasama ang Propeta(SAWS), na sa oras na yaon ang mga kababaihan ay humihingi ng maraming oras para sa pagtuturo. Kasama ng pagsasagawa ng pagsamba sa loob at labas ng masjid, nakikipagsabayan din sila sa paggawa ng kabutihan at kawang gawa.

May mga dakilang kasaysayang naitala patungkol sa mga kababaihan sa panahon ng Propeta(SAWS), tulad ni Om Shreikh Al Ansari(RA) na nailarawan na isang mayaman mula sa Ansar, na madalas na naglalaan ng mabuting pakikitungo sa tao. (Muslim:2942).



Ang mga sinaunang kababaihan ay malayang nakakakuha ng parte nila mula sa mga iba't ibang trabaho tulad ng medisina. Noong si Saad Ibn Muaaz(RA) ay sugatan, siya ay dinala sa tolda ni Rafeed Al Ansari(RA) mula sa pag-uutos ng Propeta(SAWS) na kanyang sinabi: “Dalhin niyo siya sa kanyang tolda nang sa gayo’y mabisita ko siya mula sa malapit” –F.Al Bari:454

Naiulat din na si Om Atia Al Ansari(RA) ay nagawang sinasamahan ang Propeta(SAWS), siya’y gumagawa ng pagkain at pinupuntahan niya ang mga sugatan at may sakit. (Muslim:1812)

Ang mga kababaihan ay nakapag-aambag sa kaunlaran at gawain, na kung saan ito’y naaayon sa pangangailangan ng lipunan. Ang mga kababaihan ay matatagpuan sa iba't ibang larangan tulad ng agrikultura, komersyo at agham. Si Jabir bin Abdullah(RA) ay nagsabi: “ang aking tiyahin ay nasa kalagayang diborsiyo –sa panahon ng paghihintay- noong kanyang naisin na mangolekta ng dates sa kanyang taniman, ngunit hindi ito nagustuhan ng isang lalake. Siya ay pumunta sa Propeta(SAWS) para alamin ang batas patungkol dito. Ang Propeta(SAWS) ay nagwika: “Oo, iyong kolektahin ang iyong dates nang sa gayo’y maibigay mo ito bilang kawang-gawa o makagawa ka ng kabutihan” –Musilm:1483

May nagagawa din ang mga kababaihan sa iba't ibang trabaho at kasanayan. Si Sahul bin Saad(RA) ay nag-ulat na: may isang babae na dumating sa Propeta(SAWS) na may dalang damit na tahi sa kamay, at kanyang sinabi: ito ang habi na maari mong suotin. Tinanggap ito ng Propeta(SAWS) at sinuot din pagkalaon. (Al Bukhari:1277)

Ang mga kababaihan sa Islam ay mga anking kayamanan, sila ay nagtitinda, bumibili at nagnenegosyo; matiyaga nilang pinaunlad ang kanilang ari-arian. Ang Allah ay nagwika: (Para sa mga kalalakihan ang kanilang mana



mula sa mga magulang at mga kamag-anak, kakaunti man ito o marami, ay nasa tiyak at makatarungang karapatan, ganoon din ang sa mga kababaihan.)
–Nisa:7

Ang mga muslim na lalake at babae ay bainabasa ang sinabi ng Allah: (At nang siya ay makarating sa lugar na pinagkukunan ng tubig ng mga taga-Madyan ay natagpuan niya roon ang grupo ng mga kalalakihan na nagpapainom (ng kanilang mga alagang hayop) at natagpuan niya ang dalawang kababaihan na pansamantalang inantala muna nila ang pagpapainom sa kanilang mga inaalagaang kambing. Kanyang sinabi: “ano ang problema ninyong dalawa?” Sinabi ng dalawa: “hindi namin kayang painumin ang aming mga inaalagaang hayop hanggang hindi pa natatapos magpainom ang mga kalalakihan, at ang aming ama naman ay matanda na*At dahil doon ay pinainom ni Mousâ (as) para sa dalawang kababaihan (ang kanilang mga inaalagaang hayop), pagkatapos siya ay tumungo sa lilim ng puno upang doon magpalilim at kanyang sinabi: “O aking ‘Rabb’ na Tagapaglikha! Katiyakang ako ay nanangailangan sa anumang kabutihan na Iyong ipagkakaloob sa akin, na tulad ng pagkain.”” –Qasas:23-24

Ang mga bersikulong ito ay tanda ng papuri sa mga kababaihan sa kanilang trabaho at papaano sila magtiyaga para mamuhay at mamahala sa yaman para sa pamilya at lipunan sa pangkalahatan.

Sa panahon ngayon, mas hinihimok ang mga kababaihan kaysa dati, para makipagkompitensya sa mga kalalakihan sa larangan ng pag-gawa ng kabutihan, kapaki-pakinabang na gawain at sa pag-ambag para maitayo ang lipunan gamit ang alin mang lakas at kagalingan. Ito ay isinasagawa nila ito kasama ang itinakda sa kanila ng Allah; kasama pa rin ang kanilang pagkamahinhin at moralidad na poprotekta sa kanila mula sa tukso.

Ang hirap at pagsisikap para mapaunlad ang lipunan ay maaari at possible, mahalagang isaalang-alang at responsableng gawain para sa bayan at lipunan.

Ang asawa ni Abdulla bin Mas’ood ay may angking kagalingan. Siya ay dumating sa Mensahero(SAWS) at kanyang sinabi: “O mensahero ng Allah, ako ay isang babaeng may angking kahusayan, at wala ni isa sa amin, ni aking anak o asawa ang may kinikita maliban sa pamamagitan ng aking kahusayan



na ito. Nahhirapan akong mag-iwan para makapagbigay ng kawang-gawa. May gantimpala ba akong makukuha dahil sa pag-gasta ko para sa aking pamilya? Ang Mensahero(SAWS) ay nagwika: “gumasta ka para sa kanila! Ikaw ay may gantimpala hanggat ikaw ay gumagasta para sa kanila” – Ahmad:16513